


MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 6: Mga Salitang Nilinang sa Kuwento



**MTB-MLE – Ikalawang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 6: Mga Salitang Nilinang sa Kuwento
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul	
Manunulat:	Ruzzelle Eunice R. Angeles
Editor:	Elena V. Almario, Nerissa D. De Jesus
Tagasuri:	Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy
Tagaguhit:	Ruzzelle Eunice R. Angeles
Tagalapat:	Cristina T. Fangon, Edeliza T. Manalaysay
Tagapamahala:	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Merlinda T. Tablan, Ellen C. Macaraeg, Elena V. Almario

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 6:
Mga Salitang Nilinang sa Kuwento

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makabubuo ng mga pangungusap gamit ang mga salitang nilinang sa kuwento sa makabuluhang konteksto.



Subukin

Panuto: Piliin ang kahulugan ng salitang may salungguhit batay sa pagkakagamit nito sa pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ulilang lubos na si Ana kaya sa ampunan siya lumaki.
 - A. maitim
 - B. mahirap
 - C. mayaman
 - D. walang magulang

2. Ang pagtulong sa kapwa ay tanda na ikaw ay may busilak na kalooban.
 - A. mabuti
 - B. masama
 - C. masunurin
 - D. matigas

3. Matayog ang lipad ng saranggola ni Pepe.
- A. mababa
 - B. mabagal
 - C. mabilis
 - D. mataas
4. “Mahuhuli na tayo sa klase, Pepe. Makupad ka kasing kumilos,” wika ni Ana.
- A. mababa
 - B. mabagal
 - C. mabilis
 - D. mataas
5. Maliliit na sasakyan lamang ang makadadaan sa makipot na kantong iyan.
- A. maganda
 - B. makitid
 - C. malawak
 - D. maluwang

Aralin

1

Mga Salitang Nilinang sa Kuwento

Sa ating paglaki, unti-unting nadaragdagan ang ating kaalaman sa pagbasa, pagsulat, pakikinig at pagsasalita. Ngunit mahalaga rin na nauunawaan natin ang mga salitang ginagamit natin o kung tama ba ang paggamit sa mga ito. Sa ganitong paraan, nagiging mas mataas ang antas ng ating pag-unawa sa mga babasahing teksto at maging sa pakikipag-usap sa kapwa-tao.



Balikan

Panuto: Tukuyin kahulugan ng mga salitang initiman. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- _____ 1. Marami sa ngayon ay **salat** ang buhay.
- _____ 2. **Manhid** ang taong iyan.
- _____ 3. **Nahabag** ako sa pagkawala ng ama.
- _____ 4. Lagi tayong **manalangin** sa Diyos.
- _____ 5. **Natigalgal** ang lahat sa balita.



Tuklasin

Panuto: Basahing mabuti ang kuwento at bigyang pansin ang mga salitang initiman ang pagkakasulat. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Ang Hardin ni Dindin



Ako si Dindin, isang **ulila**. Wala akong magulang na nakilala mula ng ako ay isilang. Sa **ampunan** ako nakatira. Dito sa bahay na ito inaalagaan ng mga Madre o Pari ang mga batang walang magulang. Pag-aalaga ng hardin ang gawain ko sa ampunan araw-araw

Sa aking hardin, **kaakit-akit** ang mga makukulay at magagandang bulaklak. Ang mga paruparo, tutubi at bubuyog ay **naglipana** na tila hindi napapagod sa pabalik-balik na pagdapo sa mga bulaklak.

Mayayabong ang mga puno rito kaya maaari kang magpahinga sa lilim ng mga dahon at sanga nito.



Suriin

Panuto: Sagutan ang mga tanong sa iyong sagutang papel.

1. Sino ang ulila sa ating kuwento?
2. Saan nakatira ang mga batang ulila?
3. Sino-sino ang nag-aalaga sa mga batang ulila?
4. Ano-ano ang mga naglipana sa hardin?
5. Ano-ano ang mga salita na mahirap unawain sa kuwento?

May mga salitang sa kuwento na mahirap unawain. Ang mga ito ay maaaring maunawaan ayon sa gamit ng mga salita sa pangungusap.

Narito ang mga halimbawa mula sa kuwento.


1. Ako si Dindin, isang akong **ulila**. Wala akong magulang na nakikilala mula nang ako ay isilang.
2. Sa aking hardin, **kaakit-akit** ang mga makukulay at magagandang bulaklak.

Ang mga initimang salita ay mahirap unawain. Ang mga salitang may salungguhit ay ang naglalarawan o nagbibigay kahulugan sa salita upang ito ay maunawaan.



Mga Tala para sa Guro

Patnubayan ang mag-aaral sa pagsagot ng mga Pagsasanay.



Pagyamanin

Pinatnubayang Pagsasanay 1

Panuto: Basahin at unawain ang kuwento. Kilalanin ang mga salitang may salungguhit ayon sa pagkakagamit sa pangungusap. Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat sa iyong sagutang papel.

Ang Maghapon ni Juan

Araw-araw ay maagang gumigising si Juan upang maghanda sa pagpasok sa paaralan. Suot niya ang kumpletong uniporme at di-kailanman nahuhuli sa klase. Pagdating sa paaralan ay magiliw niyang binabati ang kanyang guro at mga kamag-aral. Aktibo siyang nakikinig sa klase. Sabay silang umuuwi ng kanyang matalik na kaibigan na si Pedro. Pagdating sa bahay ay gagawin na niya ang kanyang mga takdang-aralin at tutulong na sa gawaing bahay. Araw-araw ganito ang gawain ni Juan.


damit na pamasok	malapit	masigasig
masaya	paaralan	

- _____ 1. Magkasabay na umuwi ang matalik na kaibigan.
- _____ 2. Magiliw na binati ni Juan ang kanyang guro at mga kamag-aral.
- _____ 3. Maagang pumapasok si Juan sa eskwelahan.
- _____ 4. Suot niya ang kanyang kumpletong uniporme.
- _____ 5. Siya ay aktibo sa loob ng klase.

Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Isulat sa iyong sagutang papel ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit, gamiting gabay ang mga larawan.

1. Ilapag mo sa hapag ang mga pagkain.



2. Ayusin natin ang mga damit sa aparador.




3. Nanalangin sa simbahan.



4. Ang **COVID-19** ay mapanganib na sakit.



5. Si Aling Mila ay nalula sa barko, hindi siya sanay sumakay dito.



Pinatnubayang Pagsasanay 2

Panuto: Piliin sa pangungusap ang salitang lilinang sa mga salitang may salungguhit at isulat sa iyong sagutang papel.

1. Marikit ang mga rosas sa hardin. Maganda itong tingnan tuwing umaga.
2. Irog ang tawag ng mahal naming ina sa aming ama.
3. Punong puno ng kagalakan si Tatay dahil sa masayang pagdiriwang ng kanyang kaarawan.
4. Parati tayong manalangin sa Maykapal dahil tutulungan tayo ng Diyos sa lahat ng pagsubok.
5. Matamlay si Jojo. Siya ay walang ganang kumilos at kumain.

Pinatnubayang Pagtatasa 2

Panuto: Bigyang kahulugan ang nakasalungguhit na mga salita ayon sa gamit sa pangungusap. Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat sa iyong sagutang papel.

mabaho	masarap	masaya
paligsahan	madaya	

1. Maligaya si Jiah sa pagbabalik ng kanyang ina. _____ siya ng makita niya ito.
2. Nanalo si Kervin sa patimpalak sa pagguhit. Lagi siyang sumasali sa mga _____.
3. Malinamnam ang ulam na niluto ng nanay. Nabusog sila sa _____ na pagkain.
4. _____ sa laro ang taong mapanlamang. Hindi sila patas maglaro.
5. Masangsang ang nabubulok na basura. _____ na ang amoy nito.

Malayang Pagsasanay 1

Panuto: Kilalanin ang mga salitang may salungguhit batay sa pagkakagamit nito sa pangungusap. Ayusin ang mga letra upang makuha ang tamang sagot. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

- M L A A I K** 1. Mayabong na ang mga puno sa paglipas ng panahon.
- P N G A A R P A** 2. Marami akong mithiin sa buhay.
- M A A P R S** 3. Malinamnam ang sisig na niluto ni Tatay.
- G A N M A A D** 4. Bumili si Mayor ng magarang sasakyan.
- K A T S I** 5. Si Angel Locsin ay isang tanyag na aktres.

Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Ibigay ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit ayon sa pagkakagamit sa pangungusap. Isulat ang letra ng sagot sa iyong sagutang papel.

A. tumubo

B. ginastos

C. nahuli

D. programa

E. mabagal

1. Nilustay ni Mario ang kanyang pera.
2. Naantala ang pagdating ng bisita dahil naipit siya sa trapiko.
3. Dumalo kayo sa ating palatuntunan sa paaralan.
4. Agahan mong gumising dahil makupad kang kumilos.
5. Sumibol na ang itinanim kong buto ng halaman.

Malayang Pagsasanay 2

Panuto: Piliin ang kahulugan ng salitang may salungguhit batay sa pagkakagamit nito sa pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. **Maalinsangan** ang panahon ngayong tag-init.
A. mainit
B. malamig
C. maligamgam
D. masarap
2. Kinuha ni Ivy ang **lampara** upang maging tanglaw sa gabing madilim.
A. ilawan
B. kalan
C. tungkod
D. upuan
3. Si Prinsesa Jemimah ay galing sa **maharlikang** angkan.
A. mahirap
B. malaki
C. mataba
D. mayaman
4. **Paslit** pa lamang si Kiko noong pumanaw ang kanyang mga magulang.
A. bata
B. binata
C. matanda
D. wala
5. **Malimit** na dinadalaw ni Lester ang kaniyang inang may sakit.
A. hindi kailanman
B. madalang
C. madalas
D. minsan

Malayang Pagtatasa 2

Panuto: Piliin ang kahulugan ng salitang may salungguhit. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Matagal nang nakaratay si Mang Ben dahil sa kanyang sakit.
(nakatagilid nakatalikod nakahiga)
2. Malawak ang bakuran nina Mel kung saan sila naglalaro.
(Malapad Makipot Maliit)
3. Para sa mga dukha ay napakahalaga ng bawat butil ng bigas.
(mayaman mahirap mataas)
4. Ibinahagi ni Jona ang labis niyang baon sa kaniyang kaibigan.
(sobra dakila kulang)
5. Maliksing nagtakbuhan ang mga bata sa pagpunta sa palaruan.
(mabagal mabilis makupad)



Isaisip

Ang mga mahihirap na salitang nababasa natin sa mga teksto ay nalilinig sa pamamagitan ng _____

_____.



Isagawa

Panuto: Ibigay ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit batay sa pagkakagamit nito sa pangungusap. Ayusin ang mga letra upang makuha ang tamang sagot. Isulat sa sagutang papel ang kasagutan.

IKUMAY 1. Tumangis si Bea sa pagkamatay ng kanyang alagang ibon. _____

HAMUKU 2. Kailangan nating mangalap ng mga larawan ng magagandang pasyalan sa Balanga para sa ating proyekto.

DSIOY 3. Palagi tayong magpasalamat sa Maykapal sa lahat ng biyayang pinagkakaloob Niya sa atin. _____

MHAIRPA 4. Walang pambili ng gamit sa paaralan si Sabel dahil sila ay dukha lamang.

LIGPAHANSA 5. Nanalo si Perla sa patimpalak sa pagguhit na ginanap sa kanilang paaralan. _____



Tayahin

Panuto: Punan ang patlang ng nawawalang titik upang mabuo ang pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang salitang nabuo.

1. Naglaro si Macoy sa putikan kaya umuwi siyang m ___ u m ___.
2. Naubos ni Miles ang isang platong pansit palabok dahil ito ay m ___ s ___ a p.
3. Nag-aaral mabuti si Shine para m ___ b ___ t niya ang kanyang pangarap.
4. Ginagaya ang sipag at tiyaga ni Bb. Joy kaya naging m ___ e ___ o siya ng mga guro sa Balanga City.
5. Nais ni Felyn na makapagtayo ng m ___ a ___ s na gusali.



Karagdagang Gawain

Panuto: Kompletihin ang sumusunod na pangungusap. Piliin at isulat sa sagutang papel ang angkop na salita sa loob ng kahon na bubuo sa pangungusap

dalubhasa	tanyag	mahalimuyak
kasunduan	magtampisaw	

1. _____ ang bagong pabangong binili ni Nena.
2. Nagkaroon ng _____ sina Pagong at Matsing kung paano hahatiin ang puno ng saging.
3. Masarap _____ sa malamig na tubig ng batis.
4. Si Dr. Angeles ay _____ sa kanyang propesyon.
5. Si Ai Ai Delas Alas ay _____ na komedyante.



Susi sa Pagwawasto

Subkin	1. D 2. A 3. D 4. B 5. B	Balkan	1. Salat 2. Manhid 3. Nahabag 4. Manalangin 5. Natigalgal	Sutin	1. Dindin 2. Madre at Padre 3. Haralin 4. Paruparo 5. Dindin
Pagyamanin					
Pinatnubayang Pagsasanay 1	1. malapit 2. masaya 3. paaralan 4. damit na pamasok 5. masigasig	Pinatnubayang Pagtatasa 1	1. mesa 2. lalagyan ng damit 3. nagdasal 4. malubha 5. nahilo	Pinatnubayang Pagsasanay 2	1. maganda 2. mahal 3. masaya 4. Diyos 5. walang gana
Malayang Pagsasanay	1. MALAKI 2. PANGARAP 3. MASARAP 4. MAGANDA 5. SIKAT	Malayang Pagtatasa	1 2. C 3. D 4. E 5. A	Malayang Pagsasanay	1. A 2. A 3. D 4. A 5. C
Isagawa	1. UMIYAK 2. KUMUHHA 3. DIYOS 4. MAHIRAP 5. PALIGSAHAN	Tayahin	1. mādumi 2. māsāp 3. mābōt 4. mōlēlo 5. māgās	Karagdagan Gawain	1. mahilimyak 2. kasunduan 3. magtampisaw 4. dalubhasa 5. tanyag
Malayang Pagtatasa	1. Nakahiga 2. Malapad 3. Mahirap 4. Sobra 5. Mabilis	Malayang Pagtatasa 2	1. masaya 2. paligsahan 3. masarap 4. madaya 5. mabaho	Malayang Pagtatasa	1. Nakahiga 2. Malapad 3. Mahirap 4. Sobra 5. Mabilis

Sanggunian

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Patnubay ng Guro sa Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph